

Sa mga banyagang nag-aaral sa paaralan ng Japan

Tian Lu, dumating sa bansa noong Marso 10, 2012. Nag-aral mula Junior High School hanggang kolehiyo, sa kasalukuyan ay nagtatrabaho sa pagawaan ng piyesa ng sasakyan.



(Tian Lu ay nasa kaliwa)

• Ang naging suliranin noong nasa Junior High School, ano ang naging solusyon, ang mga isinangguni patungkol sa pag-aaral

Abril ng taong dumating ako sa bansa nang ako ay nagsimulang mag-aral sa Inuyama Minami Jr. High School. Kung titingnan sa distrito ng paaralan, hindi dapat sa Inuyama Minami Jr. High School ako nakapasok. Subalit dahil sa mayroong klase para sa mga banyagang mag-aaral, inayos namin sa tanggapan ng munisipyo ng Inuyama ang proseso ng paglipat. Bagama't ako ay nag-aral ng Nihongo sa China, ako ay nagulat dahil wala sa aking mga napag-aralan ang mga narinig kong salita noong ako ay dumating sa Japan. At dahil dito, 6 na buwan akong hindi nag-aral ng leksiyon sa silid-aralan sa Jr. High School bagkus ay sa silid-aralan lamang para sa mga banyagang mag-aaral ako pumasok. Noong una, kung mayroon akong hindi nauunawaan ay

isinusulat ko ang mga ito (gamit ang kanji characters hanggang sa magkaunawaan kami ng kausap ko) at nag-i-English rin ako sa pakikipag-usap. Kung mayroon akong hindi nauunawaan sa aking leksiyon, sa oras ng breaktime ay nagtatanong ako sa guro ng bawat asignatura, iniipon ko ang mga katanungan at itinatanong ko sa mga guro na ito kapag sila ay dumarating sa silid-aralan para sa banyagang mag-aaral. Noong panahon na iyon, parehong abala sa trabaho ang aking mga magulang, kung mayroon man akong hindi nauunawaan sa aralin ay sa paaralan ko na ginagawa. Naranasan ko rin ang ma-bully subalit kaagad na umaksiyon ang mga guro kaya naman hindi ko naisip na hindi pumasok sa paaralan. Kahit ngayon, ako ay nagpapasalamat sa aking mga naging guro, kaklase at sa paaralan.

• Ang pagkuha ng entrance exam sa Senior High School at kolehiyo

Paborito kong asignatura ang English noon sa Jr. High School, ninais kong aralin ito sa Senior High School kaya ako ay kumuha ng pagsusulit (general selection) sa Senior High School sa loob ng prepektura na may espesyalisasyon sa International Studies. Sa pagtuntong ko sa ikatlong taon ng Sr. H.S. ay naisip kong mababa ang lebel ng aking kaalaman sa wikang Chinese, ninais kong mag-aral pa nito at ako ay kumuha ng pagsusulit sa Aichi University sa kurso na Chinese Language at nakapasa. Ang aking maipapayo sa pagkuha ng entrance examination sa kolehiyo ay makakapili ng ibang wikang nais pag-aralan sa kurso ng Foreign Language bukod sa English. Kahit nahahirapan sa wikang English subalit mahusay sa sariling wika, makabubuting piliin ang kurso ng sariling wika dahil mas may oportunidad na makakuha ng mataas na puntos dito. Chinese language ang aking pinili sa entrance examination. Subalit may mga unibersidad na walang ibang language course kundi English lamang, tiyakin ang detalye sa kolehiyong nais kumuha ng pagsusulit.





• Mga nararapat gawin sa kolehiyo





Maraming maaaring gawin sa kolehiyo bukod sa pag-aaral. Maaaring makaranas ng pag-aaral sa ibang bansa o circle club, nais kong mapalawak ninyo ang kaalaman sa pamamagitan ng mga oportunidad na ito. Mahalagang pag-isipan ang career advancement pagkatapos ng kolehiyo. Mag-uumpisa ang job employment activities sa ikatlong taon ng kolehiyo, kung hindi pa nakakatiyak ano ang nais gawin sa hinaharap, o kaya naman ay ano bang trabaho ang nais pasukan, sumangguni sa career center in-charge ng kolehiyo. Magiging malinaw para sa inyo ang hinaharap.

Kung hindi pa makapagdesisyon sa pagtatrabaho, gumugol ng oras sa konsultasyon upang mas maunawaan ang tungkol sa trabaho.

Ang edukasyon ng mga bata ang bubuo sa kanilang hinaharap

©Ipakikilala ang paaralan at pasilidad na nagbibigay suporta sa mga banyagang kabataan

Edad	paaralan sa lungsod	pangalan ng silid-aralan < Organisasyong nagsasagawa (bukod sa paaralan) >
Bata (toddler; wala pang 5 taong gulang)		<p>Japanese learning support para sa mga bata at Probisyon ng impormasyon para sa mga magulang Nijiuro Oyako at Kosodate Saloon (Nijiuro parent & child at Child rearing saloon)</p> <p><Shake Hands></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Linggo, 10:30~12:00 • Saan : Terakoya Shake Hands ((Gakuden Children Center, 2nd Floor) • Bayad: Libre • Impormasyon sa pagpapalaki ng anak, pakikipagkaibigan, ligtas na pagpapalaki ng anak gamit ang paglalaro, at konsultasyon. • Dadalo rin ang lokal na residente at madaragdagan ang mga kakilala sa sariling lugar.
5 taong gulang (bago pumasok sa elementarya)		<p>Japanese classroom bago mag-aral sa elementarya at Lugar na nagbibigay suporta sa pamumuhay</p> <p>Preschool <Shake Hands></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : 10:30~12:00 • Saan : Terakoya Shake Hands (Gakuden Children Center, 2nd Floor) • Bayad : Libre • Matututunan ang Nihongo na kakailanganin sa pag-aaral
Elementarya	 <ol style="list-style-type: none"> 1. Leksiyon para makapag-aral ng Nihongo at masanay kaagad sa buhay-eskuwela at Support classroom (Nihongo Beginner Classroom) →Inuyama Nishi Elementary School 2. Ito ay [Tutorial Classroom] kung saan maaaring mag-aral bukod pa sa klase kung saan naka-enroll (Japanese Adaptation Instruction Classroom) →Haguro Elementary School , Gakuden Elementary School <ul style="list-style-type: none"> • Ang mga batang banyaga ay makatatanggap ng suporta para sa adaptasyon sa pamumuhay, pag-aaral ng Japanese, aralin ng asignatura. 3. Paaralan na mayroong suporta sa language sa wikang Espanyol at Portuges (Language Instructors Dispatch) →Haguro Elementary School, Gakuden Elementary School <ul style="list-style-type: none"> • Sa tutorial classroom, nagbibigay suporta sa wikang nihongo para sa asignatura at suporta sa pakikipag-ugnayan ng mga magulang. 	<p>After school learning support at Lugar kung saan makakapanatili</p> <ul style="list-style-type: none"> • Makakatanggap ng suporta para sa takdang-aralin at tuturuan ng Japanese. Mayroong hatid-sundo. • Masasanay sa kaagad na pag-aaral pagkatapos ng eskuwela. • Makakatanggap rin ng suporta para sa Japanese proficiency exam. • Laging mayroong Japanese instructors, OB teachers, estudyante sa kolehiyo at mga interpreter. <p>Okaerinasai cram school <Shake Hands></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Lunes~ Biyernes, pagkatapos ng eskuwela~18:00 • Saan : Terakoya Shake Hands (Gakuden Children Center, 2nd Floor) • Bayad : Maaaring sumangguni batay sa situwasyon ng pamilya • Mayroong Children`s Cafeteria sa araw ng Miyerkules at Biyernes. <p>Para sa mga Elementarya at Jr. High School na nangangailangan ng suporta sa Japanese para sa aralin sa eskuwela</p> <p>Tsubomi Classroom <ADJUST></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Lunes, Miyerkules, Biyernes, 17:00~18:00, Sabado, 14:00~16:00 (Sarado ng piyesta opisyal) • Saan : ADJUST ((Inuyama City Haguro Shindenkou Higashi 9) • Bayad : 500yen/ oras • Isang sertipikadong psychologist na nakapasa sa Japanese Language Education Proficiency Test ang magtuturo batay sa bilis ng pagkatuto at katangian ng banyagang mag-aaral. Nagbibigay suporta rin para sa Japanese Proficiency Test at English Proficiency Test.

Edad	paaralan sa lungsod	pangalan ng silid-aralan <Organisasyong nagsasagawa (bukod sa paaralan)>
Junior High School	<p>1 . 🍌 Ito ay Tutorial Classroom] kung saan maaaring mag-aral bukod pa sa klase kung saan naka-enroll (Japanese Adaptation Instruction Classroom) → Nanbu Junior High School</p> <ul style="list-style-type: none"> • Makatatanggap ng suporta ang mga batang banyaga para sa adaptasyon sa pamumuhay, pag-aaral ng Japanese, aralin ng asignatura.  <p>2. 🍌 Paaralan na mayroong language supporter sa wikang Espanyol at Portuges (Language Instruction Dispatch) → Nanbu Junior High School</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sa tutorial classroom, nagbibigay suporta sa wikang nihongo para sa asignatura at suporta sa komunikasyon ng mga magulang. 	<p>🍌 After school learning support at Lugar kung saan makakapanatili</p> <ul style="list-style-type: none"> • Makakatanggap ng suporta para sa takdang-aralin at tuturuan ng Japanese. Mayroong hatid-sundo. • Masasanay sa kaagad na pag-aaral pagkatapos ng eskuwela. • Makakatanggap ng suporta para sa Senior High School entrance examination at Japanese Proficiency Test. • Laging mayroong Japanese instructors, OB teachers, estudyante sa kolehiyo at mga interpreters. <p>Okaerinasai cram school <Shake Hands></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Lunes~ Biyernes, 19:00~21:00 • Saan : Terakoya Shake Hands (Gakuden Children`s Center, 2nd Floor) • Bayad : Maaaring sumangguni batay sa kalagayan ng pamilya. • Mayroong Children`s Cafeteria sa araw ng Miyerkules at Biyernes. <p>1. 🍌 Para sa mga banyagang bata na nais makapasok sa Full-time Public Senior High School Sakura Classroom <ADJUST></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Lunes, Miyerkules, Biyernes, 18:00~21:00 (sarado ng piyesta opisyal) • Saan : ADJUST (Inuyama City Haguro Shindenkou Higashi 9) • Bayad : 1st yr. Jr. H.S. : 5,000yen/buwan, 2nd yr. Jr. H.S.: 6,000yen/buwan, 3rd yr. Jr. H.S. : 7,000yen/buwan • Isang sertipikadong psychologist na nakapasa sa Japanese Language Education Proficiency Test ang magtuturo batay sa antas at katangian ng banyagang mag-aaral, nagbibigay payo hinggil sa career advancement batay sa interes at kahusayan ng mag-aaral. <p>2. 🍌 Para sa mga Elementarya at Jr. High School na nangangailangan ng suporta sa Japanese para sa aralin sa eskuwela</p> <p>Tsubomi Classroom <ADJUST> (Ang iskedyul, bayad, detalye ng aralin ay katulad ng sa elementarya)</p>
5 taong gulang~ 18 taong gulang	<p>Mga Detalye ng ADJUST→</p> 	<p>🍌 Para sa mga may developmental disability at katulad nito, mga batang hindi pumapasok sa eskuwela (kahit na anong nasyonalidad)</p> <p>Adjust Inuyama Classroom <ADJUST></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Martes~ Biyernes, 16:00~21:00; Sabado, 14:00~20:00 • Saan : ADJUST (Inuyama City Haguro Shindenkou Higashi 9) • Bayad : 4,950yen/ beses • Isang sertipikadong psychologist ang magtuturo at magbibigay-payo batay sa katangian at pangangailangan ng banyagang mag-aaral, gayundin naman hinggil sa career advancement.
Magulang O Guardian	<p>Mga Detalye ng IIA→</p>  <p>Mga Detalye ng Shake Hands→</p> 	<p>🍌 Sa mga banyagang naninirahan sa Inuyama area, ay may Japanese classroom upang matuto ng conversational Japanese</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mapag-aaralan ang japanese na magagamit sa pamumuhay, tradisyon at kostumbre, kaalaman sa pamumuhay sa Japan. <p>1 - 1. Inuyama Nihongo classroom <Inuyama International Association></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Tuwing Linggo, 10 : 00~11 : 45 • Saan : /Inuyama Community Center 「FREUDE」 2nd Floor Room 203 • Bayad : 100yen/beses <p>1 - 2. Minna No Nichiyou Juku (Japanese cram school para sa magulang at anak nito tuwing Linggo) <Shake Hands></p> <ul style="list-style-type: none"> • Kailan : Tuwing Linggo, 10:30~12:30 • Saan : Terakoya Shake Hands ((Gakuden Children`s Center, 2nd Floor) • Bayad : Walang bayad

※Makipag-ugnayan sa mga nakasulat sa ibaba para sa detalye.

◆Tungkol sa paaralan→ Inuyama City Education Department-School Education Division

(Municipal Office, Main building, 3rd Floor, TEL: 0568-44-0350

◆Shake Hands→TEL: 090-9940-2939、0568-39-5266

◆ADJUST→TEL:0568-64-5521、070-4212-7441

◆Inuyama International Association →TEL:0568-48-1355

Ipinakikila ang isang taong nagsusumikap sa Inuyama Japanese Language Class!

Nguyen Thanh Dat Nasyonalidad : Vietnam
Dumating sa Japan: Setyembre 2024

Nais kong mas matutong makipag-usap sa mga Hapon. Gusto ko ring manirahan nang matagal sa Japan at gawing pangalawang hometown ang bansang Japan. Maraming teknikal na termino ang Nihongo na ginagamit ko sa trabaho, kaya naman gusto kong matutunan sa Inuyama Nihongo Classroom ang wika na ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sa Niji class ay natutunan ko ang mga ekspresyon na mga salita tulad ng tungkol sa pagkain, gamot, kung paano bumili ng tiket, at iba na hindi ko pa alam noon. Ang libangan ko ay ang kumuha ng mga larawan. Gusto kong makakita ng Japan fireworks! Gusto ko ring bisita hin ang Basho Memorial Museum sa Mie Prefecture.



Komento mula sa Boluntaryong namamahala na Si G. Kyoichi Sugimoto ↓

Siya ay isang seryosong tao, maaasahan, matapat, at mabait na binata. Maaaring isang mahalagang pag-uugali sa kaniyang bansa ang pagiging magalang sa nakakatandang tulad ko, at parang nahihiya rin ako. Dala ng paggalang, tinawag niya akong “ojiisan” na bago pa lamang niyang natutunan sa klase at lahat sa klase ay nagtawanan.

Mayroong isang lugar kung saan maaaring makipag-usap sa mga tao mula sa iba't- ibang bansa sa pantay na katayuan sa wikang Hapon.



Nagkikita kami isang beses sa isang buwan sa loob ng isang oras at pinag-uusapan ang isang partikular na paksa. Pinag-uusapan namin ang aming sariling mga ideya habang pinag-aaralan ang tungkol sa kultura at kaugalian ng isa't isa. Natutunan ko ang maraming bagay tungkol sa mga tao mula sa iba't- ibang bansa na naiibahagi sa akin. Nagkaroon ng mga bagong tuklas sa istorya ng tao mula sa iba't- ibang bansa.

※Bukas ito sa salitan ng mga araw ng weekdays at Sabado

「Multicultural Chat Club – Online~」 Aplikasyon →

<https://forms.gle/cLmM8LAJmsozaQVB8>



◆ 「Ano ang pinakamagandang bagay tungkol sa pagiging isang tagasuporta ng “Multicultural Chat Club”?»

Ang pinakamagandang bagay para sa akin ay ang pagkakataong makipag-ugnayan sa mga tao mula sa iba't ibang kultura. Ang mapagtagumpayan ang pagkakaiba ng bawat wika at kultura, mag-usap ng karaniwang tema, at maunawaan ang isa't-isa ay lubhang napakasaya at nakakatuwa.

Ms. Le Thi Thuy Tien, isang tagasuporta ng proyekto ng taon 2024 →



◆ Ano ang mga bagay na bago mong napansin?

Ang pinakamahalagang bagay na napagtanto ko ay “mahirap lumikha ng isang kapaligiran na magaang makapag-uusap ang lahat”. Naramdaman kong kinakailangan makalikha ng situwasyong relaks lang ang mga panauhin kahit na magkakaiba ang kanilang wika at kultura.

Halimbawa, sa umpisa ay simpleng pagpapakilala sa sarili, dagdagan ang pagkakataon na makapag-usap ang isang maliit na grupo, at makadalo ang marami mula sa iba't-ibang edad ay naramdaman kong mahalaga.

◆ 『Ano sa tingin mo ang kaakit-akit at kasiya-siya tungkol sa “Multicultural Chatting Club”?’

Ito ay isang lugar kung saan maaaring ibahagi at maunawaan ng mga kalahok ang iba't ibang kultura at masiyahan sa pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Isang malaking kasiyahan din na malaman ang tungkol sa mga kaugalian at paraan ng pag-iisip sa bawat bansa at rehiyon, at magkaroon ng mga bagong kaibigan. Hihintayin naming ang inyong pagdating!

Iba't ibang kultura at kaugalian~Bagong Taon~

Sa Cambodia, sa umaga ng Araw ng Bagong Taon ay pumupunta kami sa isang templo upang manalangin. At sa tanghali, ang pamilya ay masayang kumakain ng masasarap na pagkain at umiinom ng alak nang magkasama. Sa gabi, maraming tao ang nagtitipon para sa isang tradisyonal na sayaw. Sa Cambodia, natututo ang mga estudyante ng sayaw at iba pang tradisyonal na sining sa paaralan. Ano naman sa inyong bansa?



Nagtatanghal ng isang Cambodian dance na si Saing Oun ↑

Makikita dito ang gabay ng mga event ng Inuyama International Association.

Home Page



Facebook



X



Pantay na trato ng mga empleyado at kumpanya. Pag-unlad nang sama-sama at lumikha ng mga bagong

■Panayam kay G. Suzuki Hirotaka, Presidente at Kinatawag Direktor ng Toyo Metals Corporation.

(Sa kaliwa ay si President Suzuki)



Ang maliliit at katamtamang laki ng mga negosyo ay nahihirapan sa pagkuha ng mga tauhan. Sa gitna ng sitwasyong ito, nalaman ko ang posibilidad ng pagkuha ng isang dayuhan na nag-aral sa espesyal na mga larangan mula sa isang malapit na kasamahan sa pamamahala o isang organisasyon ng suporta, at nagpasya akong dito kumuha ng manggagawa. Ginawa ko ang mga kinakailangang hakbang upang mag-aplay para sa trabaho. Isinagawa ang oryentasyon sa unang linggo upang maging pamilyar ang mga estudyante sa pamumuhay sa Japan.

Kabilang sa iba pang mga bagay, nakumpleto nila ang mga pamamaraan na ginawa para sa pag-abiso sa kanilang paglipat, pagbubukas ng bank account, pagpirma ng kontrata para sa cell phone, at pagkuha ng personal na selyo (inkan). Natutunan rin nila ang mga pag-iingat kapag sumasama sa akin sa mga lugar sa aking pamimili at tuwing nagbibisikleta. Sa loob ng isang linggo, tumira sila sa bahay ng presidente at namamahalang direktor, para masanay sila sa buhay Japan, ayon sa pagkakasunod-sunod.

Sa gitna ng lahat ng ito, ay hinding hindi ko makakalimutan ang lasa ng isang tipikal na karaniwang lutong Pilipino na “adobo,” na inihanda ni Mark. Bilang tugon sa kanilang kahilingan, nagsagawa kami ng isang barbecue party bilang isang welcome party para sa lahat sa kumpanya.

Dalawang taon na ang lumipas mula nang pumasok sila sa aming kumpanya, at ngayon ay nasanay na sila sa kanilang mga trabaho at sa aktibong pagganap ng kanilang mga gawain.

Umaasa ako na ang bawat isa sa kanila ay sulitin ang kanilang mga espesyal na katangian at higit pang pagbutihin ang kanilang trabaho sa hinaharap. Magkaroon ng mga pagkakataon kung saan ay kinakailangan pang pagbutihin ang nihongo, matututo sa mga bagong kasanayan, at hinihikayat na harapin ang mga challenge na ito. Ito ay maaaring mangailangan na pagbutihin ang kanilang Japanese, ngunit ito ay magbibigay ng mga bagong kasanayan, at hinihikayat na tanggapin ang hamon na ito. Bilang isang kumpanya, gusto namin na magkasama naming harapin ang mga bagong challenge. Dahil sa kanilang pagsisikap na matuto tungkol sa Japan at sa wikang Hapon, Ngayon ay nagawa ko na ang aking trabaho. Sa pagdating nilang dalawa ay marami kaming natutunan. Habang patuloy na bumababa ang produktibong populasyon ng Japan sa hinaharap, kakailanganin nang higit na tulong mula sa mga tao mula sa ibang mga bansa. Hindi ba ito ang panahon ng pagbabago para sa mga mamamayan ng Japan? Binigyan kami ng ganitong pagkakataon para mag-aral ng Mabuti. Halimbawa, sa bayan ni Aljane sa Isla ng Negros Occidental na narinig ko, hindi pa naipapatupad ang recycle. Naniniwala kami na mayroong isang lugar sa Pilipinas na makagawa ng isang aktibong gawain sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya ng Japan. Upang makamit ang mga ito, ay nais kong makapagsalita ng Ingles sa aking sarili ng matutunan ko ang tungkol sa Pilipinas. Sa susunod na buwan, sasalubungin namin ang isa pang tao mula sa Pilipinas na nag-aral ng isang espesyal na larangan. Umaasa kaming lalago kami sa mga hinaharap kasama nila.



←Aljane : Masaya ako Na nagagamit ko ang makina ng pagsusuri sa Japan. Gusto kong palawakin ang aking karanasan upang masuri ko ang mga bagong uri ng produkto sa hinaharap.



←Mark: Sa Japan, ang oras ay napakahalaga. Gayundin naman, maingat nilang ginagawa ang kanilang mga trabaho. Interesado ako sa pagkukumpuni at gusto kong matuto ng mga bagong bagay sa hinaharap.

Naramdaman ko ang kagandahan ng kanilang teamwork sa araw-araw. Halimbawa, may tao na hindi pa nakakita ng snow at ito ay personal na dinala ng isa naming mga empleyado ng isang grupo sa Shirakawago upang makita ang snow. Ang pagkakaroon ng isang kumpanya at mga tao na makakausap sa anumang isyu na may kaugnayan sa trabaho ay nagbibigay nang kapayapaan ng isip at kapaligiran na kung saan maaari tayong manirahan at magtrabaho sa Japan. Sinabi ng presidente ng kumpanya na kapaki-pakinabang at mabuti para sa kumpanya na magbigay sa mga empleyado ng mga pagkakataon para sa pagsulong sa lugar ng trabaho, at naramdaman ko na ito ay isang malaking tulong para sa akin na magtrabaho dito nang may pag-asa. Nadama ko din na ito ay magbibigay sa akin ng malaking lakas upang magtrabaho nang may pag-asa sa lugar ng aking pinagtatrabahuhan. (Iniulat ni Tsuji Aiko)

Mga Panayam sa mga Tagapagturo ng Kurso sa Wika

Ang Inuyama International Association ay nag-aalok ng mga kurso sa wika na itinuturo ng mga katutubong nagsasalita. Sa pagkakataong ito, nakausap namin si G. Guenter Walter, isang guro ng wikang Aleman.

Pinagmulang Bansa: Germany Dumating sa Japan noong 1989.

Noong una, hindi ako marunong magsalita ng nihongo ngunit ang mga Hapones ay mababait at matulungin, hindi ako nakaramdam ng anumang suliranin. Pagkatapos ay nag-aral ako ng nihongo, pumasok ako sa Kumon*1 (cram school), nakapagbasa at nakapagsulat ng hiragana at katakana. Gayunpaman, nahihirapan pa rin ako ang kanji (mga kanji character ng china) maging sa kasalukuyan.

Nakatira ako sa Inuyama simula noong taong 2001. Ang Inuyama ay isa sa higit na kahanga-hangang lungsod na aking nakita kumpara sa ibang lungsod o bayan. Sa Inuyama, hindi nila ako itinuturing na parang "dayuhan". Nakakatanggap ako ng mabait na pagtrato mula sa mga city hall at hospital. Lahat ng tao ay pantay-pantay, at mahalaga na tinuturuan ang isa't isa. Kung ituturing ang isa't isa nang may bukas na pag-iisip, naniniwala ako na kaya nating pasayahin ang isa't isa. Ang Inuyama City

ay isang kapatid na lungsod ng St. Goarshausen, Germany. Bilang karagdagan, ang Alemanya at Japan ay may pagkakatulad sa mga tuntunin ng kasipagan at katapatan. Ang German ay ginagamit rin sa Switzerland at Austria. Kumuha ng kursong German, matutong magsalita ng German, at magsaya sa paglalakbay sa mga lumang kastilyo ng Germany at sa Alps.

1KUMON: Isang paraan ng pag-aaral ng mga mag-aaral na lutasin ang mga problema ng mag isa, gamit ang mga materyales, sa halip ito ay isang paraan ng pag-aaral na nagpapalakas ng pakiramdam ng pagpapatibay sa sarili na "kung susubukan, magagawa mo ang mga ito"
2 Bukas na pag-iisip: Pagkakaroon ng malawak na pag-iisip, malambot na ulo, walang pag-aalinlangan, madaling tumanggap, marunong magpasya, at bukas ang pag-iisip.

Narinig niya na may mga tao ng ibang nasyonalidad sa Japan na hindi kasama sa lokal na komunidad dahil nakatira lamang sila sa loob ng kanilang sariling komunidad. Sa kabilang banda, si G. Gunter ay tunay na "bukas ang pag iisip" at mabilis na nasanay makihalubilo sa kaninuman, kaya naging bahagi na siya ng lipunang Hapones at maraming mga kakilala at kaibigang Hapones. (Iniulat ni Ogino Kiyohiko)



※ Mga kurso sa wika: English, Korean, Chinese, German, French, Portuguese

※ Impormasyon sa mga kurso sa wika⇒



Maaaring sumanguni tungkol sa anumang bagay sa inyong buhay para sa mga hindi nauunawaan o nahihirapan.

Inuyama City Free Consultation counter

● Nilalaman : Pangkalahatang negosyo ng lungsod
Pagpapakilala ng serbisyo sa konsultasyon

● Lugar : Inuyama City Hall, 1st Fl. Consultation Rm.

● Wika • Petsa at oras ng konsultasyon
◆ Portuges • Espanyol → Tuwing Biyernes, 1PM ~4:30PM.

◆ Tagalog • Ingles → Bilang alituntunin, tuwing ika-4 na Biyernes ng bawat buwan
1PM ~4:30PM

◆ Chinese → Bilang alituntunin, tuwing ika-4 na Biyernes ng bawat buwan
Simula 1PM hanggang 4:30PM

● Paraan ng aplikasyon: Hindi kailangan ang reserbasyon.

First-come, first-served basis sa araw ng pagpunta.

● Para sa mga katanungan: 0568-44-0343 (Inuyama City Diversity Promotion Division)



Aichi Prefecture Aichi Multicultural Center

Ang mga multicultural social worker ay nagbibigay ng mga serbisyong konsultasyon sa maraming wika sa mga dayuhang residente ng prepektura, gayundin naman ng iba't ibang impormasyon.

● Wika ng pagtugon: Portuges, Espanyol, Ingles, Intsik, Tagalog, Vietnam, Nepali, Indonesian, Thai, Hangle, Myanmar, Ruso, Ukraine, Japanese

● Kumonsulta sa pamamagitan ng telepono o sa counter:
TEL: 052-961-7902

◆ Petsa at Oras ng konsultasyon: Lunes~ Sabado, 10AM~ 6PM

◆ Lugar: 2-6-1 Sannomaru, Naka Ward, Nagoya City Aichi Prefectural Government Office, Sannomaru Building, 1st Fl. Aichi Prefectural International Association

● Konsultasyon sa SNS:

Facebook:



Line:



E mail:

sodan@
aia.oref.aichi.jp



Inuyama Multilanguage Newsletter

Publikasyon/Editor: Inuyama International Multiexchange Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』

TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356 HP : <http://iiea.info> E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Boluntaryong tagapagsalin ng wika:

Ingles: Kusakabe Kazuro, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Hereward Tilton

Espanyol: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagi Mitsue, Yoshida Gisele, Ishikawa Chiaki

Chinese: Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnam: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria

※bersyon ng data⇒

